

## **Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 10 Mula sa Buhay ni Apostol Pablo**

*“13 Sumakay kami sa barkong papuntang Asos. Doon kami magkikita ni Pablo ayon sa bilin niya sa amin, Ginawa niya ang kaayusan na ito dahil naglalakad siya papunta roon. 14 Nang magkita kami sa Asos, sumakay siya sa barkong sinasakyan namin at sama-sama kaming pumunta sa Mitilene. 15 Mula roon, patuloy kaming naglakbay at kinabukasa'y dumating kami sa tapat ng Quio. Nang sumunod na araw, dumaan kami sa Samos, at makaraan ang isa pang araw ay dumating kami sa Mileto. 16 Ipinasya ni Pablóng lampasan ang Efeso upang huwag siyang maantala sa Asia, sapagkat ibig niyang nasa Jerusalem na siya sa araw ng Pentecostes. 17 Mula sa Mileto, ipinatawag ni Pablo ang mga matatandang pinuno ng iglesyang nasa Efeso. 18 Pagdating nila ay kanyang sinabi, “Nalalaman ninyo kung paano ko ginugol ang buong panahong ipinamalagi ko sa inyong piling, mula noong unang araw na ako'y tumuntong sa Asia. 19 Buong kapakumbabaan at lumuluhang naglingkod ako sa Panginoon, at nagtiis ng maraming pagsubok dahil sa mga pagtatangka ng mga Judio, 20 Sa aking pagtuturo at pangangaral sa inyo, maging sa harapan ng madla o sa bahay-bahay man, hindi ako nangiming magsabi sa inyo ng anumang ikabubuti ninyo. 21 Maging Judio o Griego man ay pinangaralan kong tumalikod sa kasalanan, manumbalik sa Diyos at manalig sa ating Panginoong Jesus. 22 Ngayon, bilang pagsunod sa Espiritu Santo, ako'y pupunta sa Jerusalem at hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa akin doon. 23 Ang tanging nalalaman ko ay ito: binalaan ako ng Espiritu Santo na pagkabilanggo at kapighatian ang naghihintay sa akin sa bawat bayang dadaanan ko. 24 Subalit walang halaga sa akin ang aking buhay magawâ ko lamang ang aking tungkulin at matapos ang gawaing tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus, ang pagpapahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos para sa tao. 25 “Nakisalamuha ako sa inyo habang nangangaral tungkol sa Kaharian. Ngayon, alam kong hindi na ninyo ako makikitang muli. 26 Kaya't sa araw na ito'y sinasabi ko, wala akong pananagutan kung mapahamak ang sinuman sa inyo, 27 sapagkat hindi ako nag-atubiling ipahayag sa inyo ang buong layunin ng Diyos. 28 Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na inilagay ng Espiritu Santo sa inyong pangangasiwa. Pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos<sup>[a]</sup> na kanyang tinubos sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak. 29 Alam kong pagkaalis ko'y magsisipasok ang mababangis na asong-gubat at walang patawad nilang lalapain ang kawan. 30 Mula na rin sa inyo'y may lilitaw na mga taong magsasalita ng kasinungalingan upang mahikayat na sumunod sa kanila ang mga alagad. 31<sup>1</sup> Kaya't mag-ingat kayo. Alalahanin ninyong tinuruan ko kayo araw at gabi sa loob ng tatlong taon, at maraming luha ang pinuhunan ko. 32 “At ngayo'y itinatagubilin ko kayo sa Diyos at sa kanyang salitang nagpapahayag ng kanyang kagandahang-loob. Ito ang makakapagpatibay sa inyo at makakapagbigay ng mga pagpapalang inilaan sa lahat ng kanyang ginawang bana. 33 Hindi ko hinangad ang ginto, pilak o pananamit ninuman. 34 Alam ninyong nagbanat ako ng buto upang kumita ng ikabubuhay naming magkakasama. 35 Sa lahat ng pagkakataon, ipinakita ko sa inyo na sa pamamagitan ng ganitong pagtatrabaho ay dapat ninyong tulungan ang mahihina. Alalahanin natin ang mga salita ng Panginoong Jesus, ‘Higit na pinagpala ang nagbibigay kaysa tumatanggap.’ 36 Pagkasabi nito, lumuhod si Pablo at nanalanging kasama nila. 37 Silang lahat ay umiiyak na yumakap at humalik kay Pablo. 38 Labis nilang ikinalungkot ang kanyang sinabing siya'y hindi na nila muling makikita. At siya'y inihatid nila sa barko.” (Mga Bilang 20:13-38)*

Kung anong mayroon tayo ay bahagi sa paglalakbay bilang misyonero ni Pablo kung saan siya pumaroon at pinakilos ang kanyang sarili upang katagpuin ang matatanda ng simbahan ng Epeso. Habang ating paghinilayan ang talata mabubuksan ang ating mga mata sa bagong bagay na nais ng Diyos na matutunan natin upang maisagawa natin sa ating buhay at paglilingkod.

- 1- **Gumawa ng Kaayusan:** *“Ginawa niya ang kaayusan na ito.” (Mga Gawa 20:13)* Si Pablo ay gumawa ng kaayusan upang katagpuin ang kanyang mga kasamahan na kasama niyang maglalakbay, sa kanyang misyonaryong paglalakbay. Kailangan mong maging maayos na tao upang makapaglingkod ka sa Diyos at matupad ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Diyos. Ang hindi maayos na saloobin at personalidad ay hahadlang sa iyo sa paglilingkod sa Diyos sa maayos na paraan. Nakipag-ayos si Pablo sa mapagkakatiwalaang mga tao, ginawa niya ang kanyang kaayusan sa mga alagad upang gawin ang gawain ng Diyos. Suriin din kung kanino mo inilalagay ang iyong kamay. Kung pananatilihin mo ang iyong pakikipagkaibigan at pakikipag-ugnayan sa makamundong mga tao sa gayon walang mabungang makakamit kundi kabiguan at pagkabigo. Ang pagkilos at paggawa ng kaayusan sa matatapat na mga alagad ay magbubunga ng tunay na gawain ng Diyos at paglilingkod. Ang kaayusan na ginawa ni Pablo sa mga alagad ay naging mas malinaw ang mga hakbang at detalye ng paglalakbay. *“14 Nang magkita kami sa Asos, sumakay siya sa barkong sinasakyan namin at sama-sama kaming pumunta sa Mitilene. 15 Mula roon, patuloy kaming naglakbay at kinabukasa'y dumating kami sa tapat ng Quio. Nang sumunod na araw, dumaan kami sa Samos, at makaraan ang isa pang araw ay dumating kami sa Mileto. 16 Ipinasya ni Pablóng lampasan ang Efeso upang huwag siyang maantala sa Asia,<sup>[a]</sup> sapagkat ibig niyang nasa Jerusalem na siya sa araw ng Pentecostés. 17 Mula*

*sa Mileto, ipinatawag ni Pablo ang mga matatandang pinuno ng iglesyang nasa Efeso.” (Mga Bilang 20:14-17)* Alam na ni Pablo kung ano ang kailangan niyang gawin. Magaling siyang magplano. Ikaw rin ay maging isang mahusay na tagaplano ng kung ano ang kailangan mong gawin bago ka magsimula sa ministryo.

- 2- *Gamitin kahit ang iyong mga paa upang maabot ang mga lugar: “Ginawa niya ang kaayusan na ito dahil naglalakad siya papunta roon.” (Mga Gawa 20:13)* Si Pablo ay kumikilos sa pamamagitan ng mga paa. Hindi malinaw kung bakit hindi siya sumama sa kanila sa daong mula Troas hanggang Ason. Ngunit ang punto na kailangang kong bigyang-diin sa iyo ay ginamit ni Pablo ang kanyang mga paa sa paglalakad at paglalakbay. Ang iyong mga paa ay maaring maging isang malaking tulong sa iyo upang pumaroon at dumalo, upang pumaroon at magkaroon ng pag-aaral ng Bibliya, mag-ebanghelyo, upang dumalo ng pulong sa pananalangin, upang dumalo sa mga pulong ng simbahan, at upang pumaroon at mag-anyaya ng iba na pumunta at dumalo kasama mo.
- 3- *Iwasang magsayang ng oras at sulitin ang bawat pagkakataon: “16 Ipinasya ni Pablóng lampasan ang Efeso upang huwag siyang maantala sa Asia, sapagkat ibig niyang nasa Jerusalem na siya sa araw ng Pentecostes.” (Mga Gawa 20:16)* Nagpasya si Pablo na abutin ang Jerusalem sa araw ng Pentecostes, ngunit kailangan niyang katagpuin ang matatanda ng simbahan sa Efeso, kaya mabilis siyang naglayag papuntang Efeso. Sa paggawa ng ministryo ng Dios mayroong ilang pagkakataon na ikaw ay nasa panahon ng sapilitan at kailangan mong gawin ang maraming gawain ngunit limitado sa ilang tiyak na oras. Iyan ay magtuturo sa iyo kung gaano ang iyong inilalaan sa bawat gawain at ang paraan ng iyong pagkamit ng gawain upang maiwasan ang pagsasayang ng oras.
- 4- *Ang iyong buhay ay dapat maging isang pangalan at isang mabuting halimbawa na dapat sundan: “18 Pagdating nila ay kanyang sinabi, “Nalalaman ninyo kung paano ko ginugol ang buong panahong ipinamalagi ko sa inyong piling, mula noong unang araw na ako’y tumuntong sa Asia,” (Mga gawa 20:18)* Ang mga taong nakapalibot sa iyo ay dapat makita at matuto at maapektuhan sa mabuting halimbawa ng iyong buhay.
- 5- *Maglingkod ng may pagpapakumbaba at handang usigin: “19 Buong kapakumbabaan at lumuluhang naglingkod ako sa Panginoon, at nagtiis ng maraming pagsubok dahil sa mga pagtatangka ng mga Judio.” (Mga Bilang 20:19)* Kailangan mo ng pagpapakumbaba upang maipamahagi mo ang mensahe nang higit pa at sa mas malinaw na paran. Ang ibig sabihin ng pagpapakumbaba ay walang paghihiganti, walang sama ng loob, at handang magpatawad at kalimutan upang maituon mo nang higit ang kailangan mong gawin. Ang kahulugan ng dakilang pagpapakumbaba ay patuloy na tutukan ang iyong tinututukan kahit na ikaw ay labis na nasaktan. Ang matinding pagsubok at pagharap sa balak ay darating sa iyong paraan sa pagtugon sa tawag ng Diyos, at hindi mo kailangang panghinaan ng loob, sa halip ay magpatuloy at lumakad sa mga pakana na ito sa ilalim ng mga paa, at iyon ang magiging daan upang harapin ang pag-uusig at pagbabanta.
- 6- *Huwag mag-alinlangan na magturo at magpayo: “20 Sa aking pagtuturo at pangangaral sa inyo, maging sa harapan ng madla o sa bahay-bahay man, hindi ako nangiming magsabi sa inyo ng anumang ikabubuti ninyo.” (Mga Gawa 20:20)* Tumugon sa pagtawag ng Diyos sa pagpapatuloy sa pagpunta sa mga tahanan ng mga kaibigan, pamilya at kakila at labanan ang kasalanan ng Kasulatan at pagpapaliwanag na naayon sa kalagayang pinagdadaanan ng mga tao na iyong inaabot. Panatilihin bukas ang iyong bibig, mangaral, at magturo, magpayo, magsaway at magtuwid. Labanana ng kasalanan sa pamamagitan ng mensahe ng pagsisisi. *21 Maging Judio o Griego man ay pinangaralan kong tumalikod sa kasalanan, manumbalik sa Diyos at manalig sa ating Panginoong Jesus.” (Mga Gawa 20:21)* Sabihin sa mga tao, ‘Kung hindi ka magsisisi sa gayon walang kaligtasan para sa iyo.’
- 7- *Tumugon at kumilos sa pamamagitan ng paghatol ng Banal na Espiritu: “22 Ngayon, bilang pagsunod sa Espiritu Santo, ako’y pupunta sa Jerusalem at hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa akin doon.” (Mga Gawa 20:22)* Sa KJV sinasabi dito, “*ako na natatali sa espiritu ay pasasa Jerusalem,*” Ito ay kung paano mo ibigay ang iyong sarili sa Banal na Espiritu at ipasakop ang iyong kalooban sa Kanya. Tanggapin ang babala at kumilos at huwag magalit. Si Pablo ay binalaan ng Banal na Espiritu na siya ay haharap sa kaguluhan ngunit tinanggap niya ang gawain at hindi tumakas. Paulit-ulit siyang pinaalalahanan tungkol sa pag-uusig ngunit mas handang tapusin niya ang gawain at ang minsteryong ipinagkatiwala sa Kanya. *“23 Ang tanging nalalaman ko ay ito: binalaan ako ng Espiritu Santo na pagkabilanggo at kapighatian ang naghihintay sa akin sa bawat bayang dadaanan ko.” (Mga Bilang 20:23)*

- 8- *Maging desidido na tuparin at tapusin ang gawain na hiniling na gawin sa iyo ng Diyos: "Subalit walang halaga sa akin ang aking buhay magawâ ko lamang ang aking tungkulin at matapos ang gawaing tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus, ang pagpapahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos para sa tao." (Mga Bilang 20:24)* Sa KJV mababasa natin ito gaya ng sumusunod: *"24 Datapuwa't hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang aking katungkulan, at ang ministeriong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo ng evangelio ng biyaya ng Dios." (Mga Gawa 20:24)* Si Pablo ay hindi apektado sa mga pagsubok, hindi nakatuon sa mga banta, ngunit nakatuon sa kung paano tapusin at buuin ang gawain ng Diyos na ipinagkatiwala sa iyo.
- 9- *Huwag maging madamdaming tao:* Batid ni Pablo na hindi na niya makakatagpo ang matatanda sa simbahan ng Epeso, *"25 Nakisalamuha ako sa inyo habang nangangaral tungkol sa Kaharian. Ngayon, alam kong hindi na ninyo ako makikitang muli." (Mga Gawa 20:25)* At hindi iyon pabigat o suliranin sa Kanya. Ang kanyang isip at kamalayan ay malinaw para sa kung ani ang nakamit na niya at ginawa ang kanyang bahagi sa kanila sa pamamagitan ng pagpapahayag sa kanila ng buong kalooban ng Diyos.
- 10- *Ipahayag ang buong kalooban ng Diyos sa mga tao: "26 Kaya't sa araw na ito'y sinasabi ko, wala akong pananagutan kung mapahamak ang sinuman sa inyo, 27 sapagkat hindi ako nag-atubiling ipahayag sa inyo ang buong layunin ng Diyos." (Mga Gawa 20:25-27)* Isagawa ang halimbawa ni Pablo sa iyong buhay. Ginawa mo ba ang iyong bahagi ng maayos at ipinahayag mo ba ang buong kalooban ng Diyos sa mga taong nakakasalamuha mo? kung 'Hindi', kung gayon kailangan mong higit na magtuon sa kung paano ipahayag sa kanila ang buong kalooban ng Diyos dahil ang kanilang dugo ay nasa iyong ulo. Kung 'Oo,' huwag mong hayaang abalihin ka ng emosyon at damdamin; *"36 Pagkasabi nito, lumuhod si Pablo at nanalanging kasama nila. 37 Silang lahat ay umiyyak na yumakap at humalik kay Pablo. 38 Labis nilang ikinalungkot ang kanyang sinabing siya'y hindi na nila muling makikita. At siya'y inihatid nila sa barko." (Mga Gawa 20:36-38)*
- 11- *Maging mapagbantay sa iyong sarili at sa mga taong nasa ilalim ng iyong pangangasiwa: "28 Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na inilagay ng Espiritu Santo sa inyong pangangasiwa. Pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos na kanyang tinubos sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak." (Mga Gawa 20:28)* Ang Diablo ay maaring lusubin ka o lusubin ang mga taong nasa ilalim ng iyong pangangasiwa, kaya't maging mapagbantay at alisto na kumilos at magtanggol
- 12- *"29 Alam kong pagkaalis ko'y magsisipasok ang mababangis na asong-gubat at walang patawad nilang lalapain ang kawan. 30 Mula na rin sa inyo'y may lilitaw na mga taong magsasalita ng kasinungalingan upang mahikayat na sumunod sa kanila ang mga alagad." (Mga Bilang 20:20-30)* Huwag magalit, huwag mataranta o panghinaan ng loob kung makikita mo ang mga tao, pagkatapos ng lahat ng iyong pagpapagal at ginawa sa kanila, ay magsimulang gumawa ng masama laban sa iyo at laban sa simbahan ng Diyos. Iyon ay inaasahan. Ito ay nangyari kay Jesus, ito ay nangyari sa mga Apostoles at sa mga alagad at ito ay mangyayari kahit sa atin ngayon. *"31 Kaya't mag-ingat kayo. Alalahanin ninyong tinuruan ko kayo araw at gabi sa loob ng tatlong taon, at maraming luha ang pinuhunan ko." (Mga Bilang 20:31)*
- 12- *Italaga ang mga tao sa Salita ng Diyos: "32 At ngayo'y itinatagubilin ko kayo sa Diyos at sa kanyang salitang nagpapahayag ng kanyang kagandahang-loob. Ito ang makakapagpatibay sa inyo at makakapagbigay ng mga pagpapalang inilaan sa lahat ng kanyang ginawang banal." (Mga Bilang 20:32)* Italaga ang mga tao sa salita ng diyos; ang matuwid na tao ay gagantimpalaan ayon sa salita ng Diyos at sa masasamang tao ay nasa ilalim ng kahatulan sa kung anong itinalaga ng salita ng Diyos sa kanyang kasamaan. Palaging paalalahanan ang mga tao na ang kanilang pagsunod sa salita ng Diyos ay magdadala ng gantimpala at ang katiyakan para sa kanilang kaligtasan.
- 13- *Huwag maghangad: "33 Hindi ko hinangad ang ginto, pilak o pananamit ninuman." (Mga Bilang 20:33)* Maari kang maglingkod sa mga tao na may mga bagay na mas higit kaysa sa iyo, huwag maghangad ng kung anong mayroon sila, kundi alalahanin na mayroon kang Diyos at ang Kanyang salita na magbibigay sa iyo ng mana sa langit.
- 14- *Pangasiwaan ang iyong buhay at ministeryo nang maayos: "34 Alam ninyong nagbanat ako ng buto upang kumita ng ikabubuhay naming magkakasama." (Mga Bilang 20:34)* Ang pangangasiwa at tapat na pamamahala para sa buhay at paglilingkod ay isang mahalagang aspeto at hindi dapat palampasin. Makakatulong iyon sa iyo na maabot ang mga tao nang hindi naghihintay o umaasa sa

kung anong ibibigay nila sa iyo. Ang iyong pmamahala sa iyong pananalapi ay napakahalaga upang maging maayos ang iyong buhay at ministryo.

**15- Magsikap upang tulungan ang mahihina: “35 Sa lahat ng pagkakataon, ipinakita ko sa inyo na sa pamamagitan ng ganitong pagtatrabaho ay dapat ninyong tulungan ang mahihina. Alalahanin natin ang mga salita ng Panginoong Jesus, ‘Higit na pinagpala ang nagbibigay kaysa tumatanggap.’ (Mga Bilang 20:35)** Tulungan ang mahihina sa kanilang kahinaan at tulungan sila na sundin si Cristo at lumakad at mabuhay nang naayon sa Kanyang salita.

**16- Maging isang lalaki at isang babae ng paninikuhod at pananalangin: “36 Pagkasabi nito, lumuhod si Pablo at nanalanging kasama nila.” (Mga Bilang 20:36)** Sanayin ang iyong sarili hanggang sa huli at tapusin ang bawat pagpupulong na mayroon ka sa mga tao ng pananalangin. Sanaying manikuhod magtiwala sa Diyos na tutulong sa iyo sa pagsagot sa iyong mga panalangin. Ang paninikuhod na ito ay nangangahulugang handa mong ipakumbaba ang iyong sarili sa harap ng Diyos at handang maglingkod sa layunin ng Diyos sa iyong buhay.

**Sa aking Mahal at Minamahal:** Ang salita ng Diyos ay palaging dumarating sa tamang oras para sa atin upang tulungan tayo at hubugin tayo sa paraan na nais ng Diyos na maglingkod tayo sa Kanya upang ang misyon ng Diyos ay sumulong at magpatuloy at sa mabunga at mabisang paraan. Gumawa ng pangako sa Diyos at sumunod at isagawa ang salitang ito ng Diyos sa iyong buhay at ministryo upang tuparin ang pagtawag ng Diyos sa iyong buhay.

Ating siyasating muli ang 16 na mga puntos na ating tinalakay at ipangako ang ating sarili sa mga simulain na ating natutunan mula sa Salita ng Diyos.

**Ang aking Panalangin:** Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong malinaw na salita sa akin, Ipinapangko ko ang aking sarili upang isagawa ang simulain na aking natutunan mula sa mensaheng ito sa aking buhay at ministerio habang aking ipinapangako ang aking sarili na patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong buong kalooban.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga pagkukulang na aking nagawa laban sa iyo at laban sa ministerio \_\_\_\_\_.

Panginoon bigyan mo ako ng higit na bunga ng Banal na Espiritu, bigyan mo ako ng higit ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, pagtitiis, kabutihan, mahabang pagtitiis, at pagpipigil sa sarili. Panginoon alalayan mo ako, hubugin mo ako at ibigay ang para sa akin upang kamitin ang lahat niyong. Panginoon tulungan mo ang bawat isang kasapi at manggagawa ng simbahan upang magtiyaga sa gawain na iyong ipinagkatiwala sa kanya. Panginoon tulungan mo ang bawat isang pamilya na gawin at magsagawa para kaluwalhatian ng iyong pangalan. Panginoon protektahan mo ang iyong simbahan at protektahan ang bawat isang kasapi at pamilya mula sa gawa ng diablo, at mula sa paguusig at mula sa mga tao na ginagamit ng diablo upang lusubin ang iyong simbahan. Panginoon pangunahan kami na magebanghelyo at magdisipolo ng bagong mga tao. Panginoon tulungan mo kaming magtanim ng bagong pag-aarla ng Bibliya at bagong kapisanan sa simbahan at Panginoon gamitin mo ang aming paa at ipadala kami sa mga taong nauuhaw sa iyong salita. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyon kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:  
First Abu Dhabi Bank (FAB)  
ACCOUNT NAME:  
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF  
ACCOUNT NO:  
1576003753162014  
IBAN:  
AE3803151576003753162014  
SWIFT CODE:  
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)